



PANGUNAHING IMPORMASYON

Ang Wage and Hour Division (WHD) ng U.S. Department of Labor ay responsable para sa pangangasiwa at pagpapatupad ng mga batas na nagtatatag sa mga pinakamababang pamantayang katanggap-tanggap para sa mga sahod at kundisyon sa trabaho sa bansang ito, nang hindi isinasang-alang-alang ang katayuan ng imigrasyon.

FAIR LABOR STANDARDS ACT



Naaapektuhan ng Fair Labor Standards Act (FLSA) ang karamihan ng pribado at pampublikong empleyo. Hinihingi ng FLSA sa mga employer na magbayad sa mga nasasaklawang empleyadong non-exempt ng hindi bababa sa federal na minimum na sahod at bayad sa overtime para sa lahat ng oras na pinagtrabahuhan na higit sa 40 sa isang linggo ng trabaho.

Dapat na bayaran ang mga nasasaklawang empleyado para sa lahat ng oras na pinagtrabahuhan sa isang linggo ng trabaho. Sa pangkalahatan, kasama sa mga oras na pinagtrabahuhan na maaaring bayaran ang lahat ng oras na nagtrabaho ang isang empleyado o nasa isang itinakdang lugar ng trabaho at anumang oras na inabala o pinayagan ang isang empleyado na

magtrabaho. Karaniwang kasama dito ang trabahong isinagawa sa bahay, oras ng pagbibiyaha, oras ng paghihintay, pagsasanay, at mga probationary period.

- Federal na Minimum na Sahod: \$7.25 bawat oras, epektibo sa Hulyo 24, 2009
- Maaaring bayaran ang mga empleyadong binibigyan ng tip ng \$2.13 bawat oras; kung ang mga tip ng isang empleyado na isinama sa sahod na cash ay hindi tutumbas sa minimum na sahod na nalalapat, kailangang punan ng employer ang kulang
- Overtime pagkalipas ng 40 oras sa isang linggo = uulitin nang 1 1/2 beses ang regular na rate ng bayad sa isang empleyado

PAGTATRABAHO NG BATA



Kinokontrol din ng FLSA ang empleyo ng kabataan.

Mga Trabahong Maaaring Gawin Ng Kabataan:


- 13 o mas bata: mag-alaga ng bata, maghatid ng mga pahayagan, o magtrabaho bilang artista o manananghal
- Edad 14-15: pinapayagan ang ilan sa mga establisyamentong gaya ng trabaho sa opisina, grocery store, retail store, restaurant, sinehan, at mga amusement park
- Edad 16-17: Anumang trabahong hindi inihayag na delikado
- Edad 18: Walang mga paghihigpit

Mga Oras na Maaaring Magtrabaho ang mga Edad 14 at 15:

- Pagkalipas ng 7 am at hanggang 7 pm (Pinapahaba ang mga oras hanggang 9 pm Hunyo 1–Labor Day)
- Hanggang 3 oras, kasama ang mga Biyernes sa isang araw na may pasok
- Hanggang 18 oras sa isang linggong may pasok
- Hanggang 8 oras sa isang araw na walang pasok
- Hanggang 40 oras sa isang linggong walang pasok

Tandaan: Ibang mga panuntunan ang nalalapat sa mga kabataang nagtatrabaho sa agrikultura. Kinokontrol din ng mga estado ang mga oras kung kailan maaaring magtrabaho ang kabataan na mas bata sa 18. Upang makahanap ng higit pang impormasyon sa mga panuntunang federal o pang-estado, mag-log on sa www.youthrules.dol.gov.

FAMILY AND MEDICAL LEAVE ACT



Nalalapat ang Family Medical and Leave Act (FMLA) sa mga employer na nagpapapasok ng 50 o higit pang empleyado, mga pampublikong ahensya, at mga paaralang elementarya at sekundarya. Maaaring lumiban ang mga karapat-dapat na empleyado nang hindi binabayaran at pinoprotektahan ang trabaho nang may pagpapatuloy ng panggrupong saklaw ng seguro sa kalusugan nang hanggang 12 linggo ng trabaho sa loob ng isang 12-buwang yugto:

- ang panganganak at pangangalaga sa isang bagong-silang na bata;
- ang paglalagay at pangangalaga ng isang

- bata para sa pag-ampon o foster care;
- para sa malubhang kundisyon ng kalusugan ng empleyado o ang asawa, anak, o magulang ng empleyado;
- para sa mga karapat-dapat na pangangailangang buhat ng katayuan ng aktibong pagsisilbi ng isang nasasaklawang miyembrong militar.

At 26 na linggo ng trabaho ng pagliban sa isang 12-buwang yugto upang pangalagaan ang malubhang pagkapinsala o sakit ng nasasaklawang miyembrong militar.

MIGRANT AND SEASONAL AGRICULTURAL WORKER PROTECTION ACT



Kinakailangan ng Migrant and Seasonal Agricultural Worker Protection Act (MSPA) ang mga kontraktor ng trabaho sa sakahan, mga employer sa agrikultura, at mga samahang pang-agrikultura na "nagpapapasok" ng mga manggagawa na:

- Nagbabayad sa mga manggagawa ng mga sahod na nararapat
- Umaayon sa mga pamantayang federal at pang-estado sa kaligtasan at kalusugan kung nagbibigay sila ng matitirhan sa mga migran-

teng manggagawa

- Tinitiyak na ang mga sasakyang ginagamit nila upang maglipat ng mga manggagawa ay naka-insure nang tama, pinapatakbo ng mga lisensyadong tsuper at tumutugon sa mga pamantayang federal at pang-estado sa kaligtasan
- Nagbibigay ng nakasulat na pagsiwalat ng mga tuntunin at kundisyon ng empleyo